# BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 7 10.00 NOVEMBER 13 - 19, 2023


## "Baddest" anti-gov't propa-ganda?



REVANZE

## You are welcome po, Lady Jacinta!



SA TOTOO LANG!

## Peace conference sa WPS, gawin na!



MY CUP OF COFFEE





# VP Inday Sara, Sen. Imee, parehong may 'bayag!'

MATUNOG sa social media at madalas paksain ng mga vlogger na posible na magkasundo sina Vice President Sara Duterte at Senador Imee Marcos na magtandem sa 2028 presidential elections.

Nasabi ito ni dating Presidential Spox Atty. Harry Roque sa kanyang vlog at gayundin ni dating Presidential Adviser for Political Affairs Ronald Llamas kasunod ng mariing deklarasyon ng senadora na kahit siya ang maiwang nag-iisa, susuportahan at titindigan niya ang pagkakaibigan nila ni dating Presidente Rodrigo 'Digong" Duterte at anak nitong bise presidente.

Sabi ni Imee, tulad siya ng kanyang ama, dating Pres. Ferdinand Marcos Sr. na hindi nang-iiwan ng kaibigan.

Sa kanyang vlog, sinabi ni Roque na malakas ang tiket na VP Sara at Imee kung tatakbo sila dahil pareho silang "Babaeng may bayag!"

Ilang pahayagan ang nagbalita na mabangong tiket si Sara bilang kandidatong presidente at si Imee bilang kandidatong bise presidente.

Ayon kay Llamas, hindi na totoo ang paniniwala ng mga political analyst na mahirap manalo sa eleksiyon panguluhan ang parehong babae.

"Nagiging probable ngayon iyan, 'yang ganyang klaseng option, dalawang babae for the first time baka sakaling tumakbo," sabi ni Llamas sa programa ng Politiko.com.ph.

Mismong si Roque ay buo ang tiwala na mananalo ang tiket nma Sara-Imee sa Sara-Imee sa 2028.

"Sabi niya (Roque), probable na ito at itong dalawang babae may bayag," sabi ni Llamas.

Wala pang opisyal na pahayag sina VP Sara at Sen. Imee tungkol sa posibleng tambalan nila sa 2028 presidential raxce. /**ADELA R. ZAMORA**

## SSS Guides: 13th month bonus, December pension matatanggap na

SABI sa Social Security System (SSS) Guides, lahat ng pensiyonado ay makatatanggap ng kanilang 13th month pay at regular na pension ngayong Disyembre.

Ibibigay ang mga ito simula sa Biyernes, Dis. 1, hanggang Dis. 8, 2023.

Sabi pa ng SSS, mayroon ito ng mahigit sa dalawang (2) milyong pensiyonado.

Illalagak ang 13th month pay, kasama ang pension sa Disyembre sa mga bank account ng bawat pensiyonado.

Halimbawa, kung ano ang halaga ng buwanang pension ng isang pensioner, iyon ang halagang katumbas ng 13th month bonus.

Ibig sabihin, kung Php4,000 ang buwanang pension, Php4,000 rin ang matatanggap na 13th month bonus.

Ngayong taon, naglabas na ang SSS ng buong Ph9.8 bilyon para sa December pension at 13th month bonus.

## Php 172.5K worth of illegal drugs seized, 3 suspects arrested

THREE (3) illegal drug suspects had been arrested in a successful buy-bust operation conducted Sunday, Nov. 12 by the operatives from the Bacoor City Drug Enforcement Unit in Brgy. Panapaan 4.

In a statement released to

*See page 2*

## Trabaho Para sa Kabataang Kabitenyo P.2



VM Homer Saquilayan




## Mas mahusay na PH internet satellites, malapit na: PBBM

MALAPIT na, magkakaroon na ang Pilipinas ng mahusay at mabilis na internet satellites.

Sinabi ito ni Presidente Bongbong Marcos nitong Huwebes, Nob. 16 kasunod ng pagpirma ng Astranis at Orbits sa kasunduan na magdadala ng internet connectivity sa malalayo at liblib na lugar sa bansa sa pamamagitan ng paglulunsad ng MicroGEO satellites.

Ayon kay PBBM, nagsanib

*Sundan sa pahina 2*



# Trabaho Para sa Kabataang Kabitenyo

UPANG mabigyang oportunidad sa trabaho ang kabataang Kabitenyo, ginanap kamakailan sa District Mall sa Imus City ang Mega Job Fair Caravan na pinangunahan ng Sangguniang Kabataan Provincial Federation of Cavite, kabalikat ang Office of the Provincial Public Employment Service Manager.

Sa caravan, nagbigay ng mensahe at suporta si Imus Vice Mayor Hon. Homer 'Saki' Saquilayan, kasama sina Konsehal Mark Villanueva, City Administrator Hertito V. Monzon at City PESO chief, Ms. Clarita Casing -- lahat ay pawang nagpasalamat sa pagsisikap ng SK Provincial Federation na matulungan ang kabataang Kabitenyo na makahanap ng trabaho at mapagkakakitaan.

Lumahok sa Mega Job Caravan ang 47 lokal na kompanya sa lalawigan, isang iternational company na dinagsa ng 206 naghahanap ng trabaho.

Ayon sa Office of Provincial Information Officer (OPIO), 34 na aplikante ang agad na tinanggap ng mga kompanya matapos ang interbyu sa kanila.


Naroon ang NBI, PSA, OWWA, TESDA, SSS, Pag-Ibig at Philhealth sa aktibidad upang agad na magbigay ng tulong sa pag-aayos ng mga dokumento, rekord at iba pang rekisito ng




mga aplikante.

Ayon sa OPIO, naging matagumpany ang ginanap na Mega Job Caravan at ito ay patunay sa patuloy na komitment ng pamahalaang panlalawigan at ng SK provincial federatrion na tumulong na magbukas ng pagkakataon sa kabataang Kabitenyo na maipakita ang kanilang husay at talento sa trabaho sa mga kompanya sa lalawigan. / **JANETH W. BILBAO**

# Php 172.5K worth... *from page 1*




media, Cavite Provincial Police Offfice (CPPO) chief, Colonel Eleuterio M Ricardo Jr. identified the suspects as alias "Boy," resident of Brgy. San Antonio, Cavite City, Cavite (Street Level Individual), alias "Tomboy," of Brgy. Panapaan 4, Bacoor City, Cavite (Street Level Individual) and alias "Ramir" resident of Brgy. 47, Cavite City, Cavite (Street Level Individual).

Seized from the suspects were four (4) heat sealed transparent plastic sachet containing white crystalline substance suspected shabu, cellular phone, white pouch and buy bust money.

The confiscated items weighing more or less 25 grams were estimated to have a street value of Php172,500.

The seized illegal drugs are now with the Cavite Provincial Forensic Unit in Imus City.

Case of violation of R.A. 9165 are now being readied against the suspects.

For this latest accomplishment against illegal drugs trafficking, police Brig. General Paul Kenneth T Lucas, acting PNP Region 4-A director has commended the CPPO leadership under police Colonel Eleuterio M. Ricardo Jr.

Likewise, Col. Ricardo expressed satisfaction for successful campaign against illegal drugs while encouraging all CPPO personall to continue their intensified efforts in combatting all criminal syndicate in Cavite.

"Magtulong tulong tayo, at magpatuloy sa ating mas pinaigting na kampanya laban sa Kriminal sa ating lalawigan," Col. Ricardo said. / **DOMZ B. CAOILE**

# Mas mahusay na PH internet... *mula sa P.1*

puwersa ang Astranis and Orbits upang mapahusay ang internet sa Pilipinas na popondohan ng $400 million.

Nangyari ang lagdaan ng kasunduan sa Ritz-Carlton Hotel sa US.

Sa pamamagitan ng nasabing partnership, itatalaga ng Orbits at Astranis ang unang dalawang internet satellites para sa Pilipinas.

Ayon sa Presidential Communications Office, kayang saklawin ng MicroGEO satellites ang hanggang 10 million users at 30,000 barangay.

Lilikha rin ang kasunduan ng mahigit 10,000 trabaho para sa direct at indirect employees at partners.

Sinabi naman ni PH Ambassador sa Washington Jose Manuel Romualdez na tatawaging "Agila" ang unang satellite ay "Agila" na gagamitan ng pinakamodernong teknolohiya na malaki ang maitutulong sa mabilis na komunikasyon ng mamayang Pilipino sa loob at labas ng bansa.

Sumaksi sa pirmahan ay sina US Commerce Department Deputy Assistant Secretary Pamela Phan, Founder and CEO John Gedmark, Asia Pacific Astranis Space Technologies Corp. Commercial Sales Director Ajmair Heer, at Co-founder-Engineer Atty. Augusto Baculio. **/PND, BB**




***Ultra bilyonaryo Ramon S. Ang is thrilled as Ferrari selects Velocità Motors Inc., a San Miguel Corp. subsidiary, as its exclusive Philippines distributor. This prestigious partnership is a privilege and a testament to trust, as Ang expressed his gratitude to Mr. Dieter Knechtel during the grand Velocità launch on EDSA.***

# Peace conference sa WPS, gawin na!



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

NAITANONG ko ito kasi parang may nagpapaapoy sa away sa West Philippine Sea (WPS) na South China Sea (SCS) ang tawag ng China.

Sa halip na magpasabi tayo sa Beijing na maupo sa isang mesa at tahimik na resolbahin ang pag-aagawan natin sa teritoryo ng WPS, kung sa apoy, pinapaypapayan at dinadagdagan pa ang gatong.

Ups, baka isipin, ayaw kong iprotesta ang bullying ng China -- ang pinakahuli ay ang pagpapasabog uli ng water cannons sa civilian vessels na naghahatid ng supply sa mga sundalong nagbabantay sa nakabahurang BRP Sierra Madre sa Ayungin Shaol.

Dapat lang ikagalit natin ito, kasama ako sa naiinis, kasi pagyayabang friend daw natin ang China, e may kaibigan bang nambubuwiset, nang-aagaw ng teritoryo natin sa WPS.

Teka ano nga ang ang magandang gawin upang ipakita natin kay Chinese Prez. Xi Jinping na nagagalit na tayo at laging pagbabalewala sa mahigit nang 400 diplomatic protest na kapirasong papel lang ang tingin ng China.

Wag na raw civilian sea vessels ang maghatid ng supply sa Sierra Madre, mas maganda ay joint patrol ng US Coast Guard at PH Coast Guard na may sakay na local at foreign press ang magdala ng pagkain at iba pang gamit ng mga sundalo sa Ayungin Shaol.

At lagi raw magpatrolya ang US kasama ang sea vessel ng Japan, Australia at iba pang kaalyado natin para raw makita ng China na sobra na, tama na ang bullying niya sa WPS.

Gusto ni Sen. Francis Tolentino, pabalikin na sa PH si Ambassador Jaime 'Jimmy' FlorCruz sa China para ipakita na pambabastos na ang ginagawa ng China.

Sabi ni Tolentino: "Let us temporarily recall our ambassador in Bejing. Let him return home to signal that what they did to our resupply mission to the BRP Sierra Madre was a huge disrespect."

Tumalab kaya ang taktikang ito kung pababalikin ni PBBM si Florcruz?

Sabi naman ni Congressman Rufus Rodriguez, ibagsak mula sa eroplano o helikopter ang supply sa Sierra Madre, at pag hinarang pa ito o pinabgasak ng China, ito na ang tamang panahon na igiit natin ang ating defense pact sa US.

Mayroon tayong Mutual Defense Treaty sa US, na kailan lang, sinabi ni Prez Joe Biden anytime, ipagtatanggol ang Pilipinas sa tumitinding aggression sa WPS ng China.

Tutal nandito na ang mga sundalong Kano sa EDCA bases na may nakaimbak nang armas de giyera, kaya lang naisip ko ang ginawa ng US noong Japanese occupation.

Nang magkabiglaan sa giyera, umalis si Gen. MacArthur at nagtago sa Australia.

Ngayong nuclear na ang gamit sa bakbakan, ilang bomba lang ang ibabagsak sa atin, ay nakupooo.

Ayaw ko nang giyera, kaya Sir President Bongbong Marcos, pwede po ba, magpatawag kayong bilateral meeting kay Prez Xi at mga adviser ninyo, mag-usap kayo.

Sa magkaibigan, sa totoong magkaibigan, anomang problema, mapag-uusapan nang tahimik at marangal.

Saka, batay sa history, lahat ng giyera ay tinatapos hindi ng pagwasak, pagpatay kundi inaayos sa mesa ng usapang pangkapayapaan.

Peace conference sa WPS, gawin na, ngayon na!

# You are welcome po, Lady Jacinta!



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

NOON bago at matapos ang October 30 BSKE naging tampok ang usap-usapan tungkol sa kaygandang si Ms. Jacinta Remulla -- ang anak po ng ating Justice Secretary Boying Remulla.

Kasi po, nakikita si Ms. Jacinta sa mga okasyon sa munisipyo sa paanyaya rin ng ating buthing Mayor Raffy at kapatid niya, si Vice Mayor Jun Dualan -- na kapwa masipag sa pag-iintindi sa mga programa at proyekto ng ating lokal na pamahalaan.

May bulong-bulongan, nagpapalipag-lipat sa bibig sa maraming umpukan, na hindi ko naman mapatunayang totoo nga o baka naman, pinalulutang lamang para makaakit ng simpatya o katuwaan sa mga kababayan ko sa Naic.

Sabi ko, e ano naman ang masama kung totoo nga yung usap-usapan; mabuti nga, paniwala ko kung ang kagustuhan ay mapabuti pa ang kalagayan ng aming bayan.

Nitong nakaraang ilang araw, nasing busy si Lady Jacinta sa paanyaya ng mga opisyal ng barangay dito sa Naic, sa mga samahang Solo Parents, PWDs at ilan pang grupo ng magkakapitbahay.

Kailan kaya makikipagmiting si Lady Jacinta sa aming pahayagang BantayBalita?

Nasuwertehan nga natin si Ms Jacinta sa ginanap na pulong sa Silver Grace Resort sa Barangay Mabulo na nandoon ang tropa naming mga Solo Parents, at ang mga tanong sa kanya, maliwanag na sinagot ng magandang dalaga.

Ipinakilala niya ang sarili: Siya ay anak ng Naic.

Taga Imus ang mga Remulla, sabi, na totoo naman, kasi ang tatay niya at lolo, si Gov. Johnny Remulla ay tubong Imus.

Pero ang lola ni Lady Jacinta, nalaman natin ay mula at taal na anak ng Naic.

Noon ngang nakaraang May 2022 presidential elections, kapag kasama ni Sec. Boying (noon ay 7th District congressman) ang magkapatid na Dualan, sinasabi niya na anak ng Naic sila na magkakapatid na Gov. JonVic at dating Cong. Gilbeet Remulla.

Kasi, ang mommy nila ay si Madam Ditas Catibayan ng Barangay Halang.

Catibayan nga si Madam Ditas na lola ni Ms. Jacinta, kaya tama, siya ay lehitimo ay mula sa bayan ng Naic.

Mga pinsan ko sa Halang sina Kuya Ruben, Ate Ester Catibayan, anak ng auntie ko, ang yumaong si Prescenda Taparan-Catibayan.

Noong mag-reunion kami (thank you, Uncle Eli Taparan sa initiative nyo po na mag-reunion ang angkang Taparan), tinanong ko si Ate Ester kung kilala niya sina Gov. JonVic at Sec. Boying at ang sagot niya: "Oo, naman. Kamag-anak namin sila. Taga-Halang daw, taga Naic si Ma'am Ditas Catibayan. Iyon sabi ng tatay namin."

Naitanong ko ito kay Uncle Eli -- na naging PIO ni Gov. Johnny noong ma-appoint at manalong gobernador noong 1980.

Sabi ni Uncle Eli, mabait at maganda si Ma'am Ditas na taga-Halang.

Kung may balak na maglingkod sa mga taga-Halang, sa mga kabayan niya sa Naic si Lady Jacinta, sa akin, welcome na welcome siya, lalo na sa aming angkang Taparan, sa mga kaanak naming Catibayan.

Anytime, Lady Jacinta, sabihan lang nyo po ako, at kami rito sa BantayBalita, lalo na kay Uncle Eli.

Para sa inyong mensahe, sarfia926@gmail.com



*Sa gitna, ika-8 mula sa kanan, si Ms. Jacinta, kapiling ang mga opisyal at miyembro ng Naic Solo Parents.*

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

**HENRY E. CAOILE**
*Founder*
**DOMZ B. CAOILE**
*Publisher*
**ELI TAPARAN II**
*Editorial Consultant*
**ADELA R. ZAMORA**
*Special Projects Director*
**GENE TAPARAN TAN**
*Chief of Reporters*
**JANETH W. BILBAO**
*Circulation Manager*

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Serbisyong ANdAR NA Silang

UMARANGKADA na medical mission at iba pang serbisyo sa Silang.

Ito, ayon kay Silang Mayor Atty. Kevin Amutan Anarna, ay paglilingkod ng pamahalaang bayan na tinawag na "ANdAR NA Medical Mission at Serbisyo Caravan" na nagsimula na noon pang Nobyembre 11 at magpapatuloy bawat buwan.

Unang tumanggap ng serbisyong ANdAR NA Silang ang mga taga-Barangay Inchican, Tibig at Carmen na ginanap sa St. Scholastica's College Westgrove Gym, Inchican.

Pinasalamatan ni Mayor Anarna ang Ayala Westgrove Heights na nanguna serbisyong medikal ng pamahalaang bayan.

Naririto ang listahan ng serbisyo at ahensya na kasali sa Caravan, na ipinoste ng alkalde sa kanyang Facebook account.

Municipal Assessor's Office: Land Consultation

Municipal Treasury Office: Cedula; Inquiries -- Real Property Tax payment



Municipal Civil Registrar: Free birth certificate registration (including late registration); Request for authenticated copy of PSA; Application for marriage ; Correction of documents

Requirements for Late Registration

**Thirty (30) days and less than Three (3) years old**

1. Certification from attendant at Birth
2. Immunization Record
3. Certification from Brgy. Capt.
4. Affidavit of Late Registration
5. Cedula - Mother

**Three (3) to seventeen (17) Years Old**

1. PSA Negative Result (Certificate of No Record)
2. Affidavit of two (2) Dis-interested Persons who might have witnessed or known the Birth of the child
3. Marriage Contract of Parents (if married)
4. Documents With Place of Birth and Date of Birth such as:

(a) Baptismal; (b) School Records (Form 137); (c) Immunization Record: (d) Brgy. Certification for Late Registration; Certification from attendant at Birth

5. Accomplish Affidavit for Delayed Registration at the back of Certificate of Live Birth by the Father, Mother or Guardian
6. Ten (10) days Posting Period

* Delayed registration of Birth, shall be filed at the Office of the Civil Registrar of the place where the Birth Occurred.

* If parents are not married both are required to come to the Office of the Local Civil Registrar for the Acknowledgement, with their Residence Certificate and Identification Card.

7. CEDULA of Mother

**Eighteen (18) to Fifty Nine (59) Years Old**

1. PSA Negative Result (Certificate of No Record)
2. Affidavit of two (2) Dis-interested Persons who might have witnessed or known the Birth of the child
3. Marriage Contract of Parents (if married)
4. Documents with Place of Birth and Date of Birth such as:

(a) Baptismal; (b) Brgy. Certifiention for Late Reg.; (c) Voter's Registration Recordl (d) Marriage Certifiente (if Married); (e) School Record Form 137; (f) Philhealth MDR

1. Accomplish Affidavit for Delayed Registration at the back of Certificate of Live Birth by the Father, Mother or Guardian
2. Ten (10) days Posting Period

* Delayed registration of Birth, shall be filed at the Office of the Civil Registrar of the place where the Birth Occurred.

* If parents are not married both are required to come to the Office of the Local Civil Registrar for the Acknowledgement, with their Residence Certificate and Identification Card.

**Sixty (60) Years Old and Above**

1. PSA Negative Result (Certificate of No Record)
2. Affidavit of two (2) Dis-interested Person who might have witnessed or known the Birth of the child
3. Marriage Contract of Parents (if married)
4. Documents with Place of Birth and Date of Birth such as: (a) Baptismal; (b)Voter"s Registration Record; (c) Voter's Registration Record; (d) School Record Form 137 (e) Brgy. Certification for Late Reg.: (f) Marrige Certificate (if Married); (g) Philhealth MDR; (h) Photocopy Senior Citizen ID

1. Accomplish Affidavit for Delayed Registration at the back of Certificate of Live Birth.
2. Ten (10) days Posting Period
3. Delayed registration of Birth, shall be filed at the Office of the Civil Registrar of the place where the Birth Occurred.

Business Permit and Licensing Office: Business consultation - requirements for business permit issuance ; Information dissemination regarding ordinance implemented

Legal Office: Free Legal Consultation and Notary Public

Public Employment and Service Office: Resume collection

Department of Social Welfare and Development: ID application and membership for PWDm Senior and Solo Parent; Request for wheelchair

Public Assistance Center: Application and of medical and burial assistance

Womens and Children"s Protection Unit: Consultation/complaint desk

Municipal Planning and Development Coordinator: Consultation/application for locational clearance

Office of the Building Official: Filing and inspection for CFEI; Building permit and occupancy consultation

Municipal Cooperatives Development Office: Business name registration; DTI Complaint Desk ; Mini trade fair (Silang products display); Livelihood training/demo (balloon, flower)

Rural Health Unit: Free Dental, Optical and Medcial Consultation (General Check-up); PhilHealth membership - Free Medicine

Department of Agriculture-- RSBSA: Registry system for basic section in agriculture); Anti rabies vaccination ; Free vegetable seed; Hydroponic training

Silang PNP: Police clearance application

Nagpaalaala rin si Mayor Anarna na laging abangan ang susunod na iskedytul ng ANdAR NA Silang Caravan.




MASAYANG ipinost ni Cavite 2nd District Congresswoman Lani Mercado ang maningning sa maraming ilaw ng malaking Christmas tree sa House of Representatives.

Wow, buhay na buhay na ang espiritu ng nalalapit na Pasko sa Kongreso, at ang mga ilaw sa Christmas Tree, sabi ni Ate Lani ay magbigay sana ng liwanag at pag-asa sa lahat ng mamamayang Filipino.

"Excited na ba ang lahat para sa darating na Pasko? Inilawan na po ang Christmas tree dito sa House of Representatives! Nawa'y palaging magsilbing tanglaw ito para sa atin!" sabi ng kongresista ng Lungsod ng Bacoor.

# Congratulations, midwifery graduates ng Kolehiyo ng Lungsod ng Dasmarinas!


MAY dahilan kaya masaya si Cavite 4th District Congressman Atty. Rep. Pidi Barzaga, ito ay dahil sa ipinakitang galing ng mga nagtapos sa kursong midwifery ng Kolehiyo ng Lungsod ng Dasmariñas.

Sa kanyang Facebook post, pinuri ni Barzaga ang mga midwifery graduates kasi, nakuha nila ang passing rate na 85.71 percent sa nakaraang board exams.


"This is higher than the national average of 68.97 percent," sabi ni Barzaga.

Base sa resulta ng pambansang pagsusulit, naitala ang Kolehiyo ng Lungsod ng Dasmariñas na ika-10 sa pinakamahusay na paaralan sa midwifery school sa buong bansa.

Congratulations, Kolehiyo ng Lungsod ng Dasmarinas at sa mga estudyante nito na nakakuha ng mataas na marka sa midwifery exams.



Cong. Pidi Barzaga




# DOST 2023 Regional Science Week ipinagdiwang sa Cagayan Valley

MATAGUMPAY na naidaos sa Cagayan Valley ng Department of Science and Technology (DOST) ang Regional Science, Technology and Innovation Week (RSTW) nitong Nobyembre 14-16 na may paksang tungkol sa "Siyensya, Teknolohiya at Inobasyon: Kabalikat sa Matatag, Maginhawa at Panatag na Kinabukasan."

Sa talumpati ni DOST Secretary Dr. Renato U. Solidum -- na binasa para sa kanya ni DOST UnderSec. Teodoro Gatchalian -- binanggit ang mahalagang tungkulin ng ahensiya sa larangan ng siyensiya, teknolohiya upang mapabilis ang paglago ng ekonomya ng Pilipinas.

Sa selebrasyon, naipakita ang tagumpay ng mahuhusay na produkto ginawa sa Cagayan Valley sa tulong ng DOST na tinugon ni Cagayan Province Gov. Manuel M. Mamba ng malaking pasasalamat nang sabihing karangalan niya na ng malikhaing isipan na huhubog sa magandang kinabukasan ng bansa.

Pinuri ni Mamba ang mga proyekto ng DOST na ngayon ay nakapag-aambag ng paglago ng kabuhayan sa lalawigan.

Sa mensahe naman ni DOST undersecretary for regional operations, Sancho A. Mabborang -- na binasa rin ni Gatchailan --, sinabi niya na ang okasyon ay nagpapakita sa mahahalagang bunga at ambag ng mga siyentipikong Pilipino, mga tagasaliksik, mga malikhain at inhiniyero na matiyagang nilikha sa loob ng maraming taon.




Sinabi naman ni DOST Region 2 Director, Dr. Virginia G. Bilgera na ang aktibidad ay isang hakbang ng DOST na mabalangkas at mabigkis ang lahat ng programa, proyekto at teknolohiya ng ahensiya at maipahayag ito sa mas maraming tao.

Aniya, naipakita ng DOST ang kahalagahan ng pagsasama-sama ng mga ahensiya ng gobyerno, ng akademya, pribadong sektor sa layuning mapasigla ang kabuhayan ng bansa gamit ang siyensiya at teknolohiya.

Tinanggap ni Gov. Mamba ang mga panauhin sa Robinsons Place sa Tuguegarao City.

Sa mensahe ni Dr. Solidum, ipinahalagahan niya ang matagal na pagsisikap at layunin ng DOST na mabuo ang pundasyon ng pagtutulungan g lahat upang palakasin ang kaalaman sa agham, teknolohiya at likas na pagmalikhaing kaisipan ng Pilipino upang mapabuti at mapaginhawa ang buhay at kabuhayan ng mamamayang Pilipino. **/NELSON SANTOS, BB**

# #METcares: Free Human Papillomavirus (HPV) vaccines sa mga babaeng edad 9-49

IPINABATID ni General Mariano Alvarez (GMA) Mayor Maricel E. Torres na sa Martes, Nob. 21, magbibigay ang pamahalaang bayan ng libreng HPV Vaccine laban sa ilang karamdaman na dumadapo sa mga babae.

Sa kanyang Facebook page, sinabi ni Mayor Torres na maaaring magdulot ang mga impeksyong HPV samga babae, tulad ng: cervical, vaginal, at vulvar cancer; mga anal cancer sa mga lalaki at babae; cancer sa tonsil, pinakapuno ng dila, at likod ng lalamunan (oropharyngeal cancer) sa mga lalaki at mga babae

Sa mga nais magpabakuna, magtungo sa GMA Municipal Health Office (RHU 1) mula 9:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon, at ang paalaala: unang 200 indibidwal lamang ang mabibigyan ng free HVP vaccines.




# Bright Smiles, Bright Futures Community Program

MASWERTE ang 150 residente ng Alfonso ang nakinabang sa Bright Smiles, Bright Futures (BSBF)" Community Program of Colgate Palmolive Philippines, Inc. na ginanap nitong Nob. 8 sa Cavite.

Katuwang sa programa ang Oral Health Cluster of the Office of the Provincial Health Officer (OPHO) at Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) at Municipal Health Office (MHO) ng Alfonso.

Sa malasakit sa oral health ng mga kababayan, pinasalamatan ni Alfonso Mayor Randy A. Salamat, Sangguniang Bayan members, MSWDO Head, Ms. Gina T. Vedan, and Child Development Workers ang BSBF Community Program ng Colgate Palmolive Philippines na sumaksi sa aktibidad.

Naglektyur sa mga bata si OPHO dentist head Cristina J. Lim, Oral Health Cluster head, Dr. Mary Ann G. Montenegro, kasama sina Suzette Y. Pulido, Dr. Raymond J. Mendoza, Dr. Merrie Lourd T. Adina, at Dr. Anthony A. Asis tungkol sa tama at maayos na p;aggamit ng Colgate toothpaste at mga paraan upang mapanatili ang kalusugan ng mga ngipin.

Tumulong rin ang mga dental aides na sina Ms. Lilibeth B. Nahine at Ms. Reyliza F. Rom. Municipal Health Officer, Dr. Ma. Cecilia N. Sargento and MHO staff na nagbigay ng medical check-up sa mga batang Alfonso.

Sa CaLaBaRZon, tanging ang lalawigan ng Cavite at Quezon ang nabigyan ng 1000 dental kits at 10 tubes of fluoride kada siyudad at munisipyo. **/OPIO**



# No. 10 Most Wanted Person nadakip sa Bacoor

BUNGA ng mahusay na intel operation at pagtitiyaga, nasakote ng magkasamang kilos ng Warrant Personnel of Bacoor Component City Police Station at ng Cavite Provincial Anti Cyber Crime Response Team ang rank no. 10 Most Wanted Person – City Level sa Bacoor City, Cavite noong Martes, Nobyembre 14.

Kinilala ni police Lt. Colonel John Paoplo V. Carracedo, OIC ng Bacoor City Police Station ang wanted na si alias "Jimlie," residente ng Barangay Molino 4, lungsod na ito.

Dinakip si Jimlie sa kasong paglabag sa PD 1602 in rel. to sec. 6 of RA 10175 (Cybercrime Prevention Act) sa bisa ng Warrant of Arrest na iniisyu ng Regional Trial Court Branch 141 - Makati City,

Nasa selda ng pulisya ang suspek na makalalaya lamang sa piyansang Php 60,000.00.

Sinabi ni police Capt. Michelle P. Bastawang, CPPO public information officer na sa utos ni police Colonel Eleuterio M. Ricardo Jr. lalo pang matitindihin ang pagtugis at pagdakip sa mga taong pinaghahanap ng batas upang maiharap sila sa hukuman at mapanagot sa kanilang mga paglabag sa batas. **/JANETH W. BILBAO**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **TEOFILO ARCA,** who Died on February 14, 1999 at Quezon city and MAGDALENA MARVAEZ who Died on June 29, 2007 at Naic, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. ( T-1199)-RT-97123 Located at brgy. Poblacion, maragondon, cavite ( 605 ) SQM. Extra JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs, Executed before notary public atty. JO-ANN R. ALCID, DOC. No. 216 Page No. 115 Book No. 8 Series of 2023 Notarized Date: September 05, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 13, 20 & 27, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **TERESITA R. MORES,** Who Died on March 31, 2021 at 195 brgy. Paradahan 1, tanza,cavite, Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-497396, situated in brgy. Paradahan Municipality of tanza (1,198) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO, Under DOC.No. 319 Page 64 Book No. 151 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 13, 20 & 27, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

Notice is hereby Given that the ESTATE of THE LATE **SEGUNDO ORIONDO,** Who Died on December 03, 1986 and **MAXIMA AGOHON ORIONDO,** Who Died on December 05, 2008 Left a parcel of Land ( Lot. No.1441 ) east: 22 (Lot No. 1436) south: forest Land west: River Containing an area of ( 27, 143 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among Legal heirs, Executed before notary public atty. Gabriel B. Octava Under DOC. No. 307 Page No. 62 Book No. XXIV Series of 2023 Notarized Date: October 12, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 6, 13 & 20, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED PERSON ZENAIDA H. BELOSTRINO

Notice is hereby Given that the ESTATE of the Deceased person **ZENAIDA H. BELOSTRINO** Who Died on January 20, 2019 at asian hospital and medical center, Alabang, muntinlupa city, metro Manila Left a parcel of Land consolidate with transfer certificate of TITLE No. 076-2020003162 and subdivided into ( 16 ) sixteen lot particularly described as follows: A.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008171 Situated in Barrio of kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite.( 1,000.) SQM. B.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008172 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso province of cavite ( 1,000 ) SQM. C.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008173 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso cavite ( 1,000 ) SQM. D.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008174 Situated in Barrio of kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 1000 ) SQM. E.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008175 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 500 ) SQM. F.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008176 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 500 ) SQM G.) Transfer certificate of TITLE No-076-2022008177 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 1,523 ) SQM. H.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008178 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 500 ) SQM. I.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008179 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 500 ) SQM. J.) Transfer certificate of TITLE No .076-2022008180 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 591 ) SQM. K.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008181 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 912 ) SQM. L.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008182 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 531 ) SQM M.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008183 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 1,000 ) SQM. N.) Transfer certificate of TITLE No. 076-20228184 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 1,000 ) SQM O.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008185 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 308 ) SQM. P.) Transfer certificate of TITLE No. 076-2022008186 Situated in Barrio kaytitinga, Municipality of Alfonso, cavite ( 950 )SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Joan Feraer Dimaranan Under DOC. NO. 2435 Page No. 89 Book No. III Series of 2023 Notarized Date: November 03, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 6, 13 & 20, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE LATE FLAVIANA ESTER J. UNABIA

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **FLAVIANA ESTER J. UNABIA,** who Died on April 20, 2021 in silang, cavite Left a parcel of Land covered By Original certificate of TITLE No. (P-7021) 4535 issued by Registry of Deeds of tagaytay city (18,423.60)square meters portion from (30,706) SQM. Situated in adlas, silang,cavite. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. MA. ANGELA FRANCESCA Y. CABRAL Under DOC.No.270 Page No. 55 Book No. II Series of 2023 Notarized Date: November 10, 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 13, 20 & 27, 2023**

## EXTRA JUDUCIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF LIWAYWAY DUÑGO COLE AND JOHN ANTHONY COLE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **LIWAYWAY DUÑGO COLE,** who died on October 26, 2022 at Alabang, Muntinlupa City and **JOHN ANTHONY COLE,** who died on August 3, 2023 at Biñan City, Laguna, that deceased are the registered owners of a real property with improvements situated at Block 6 Lot 14, Brgy. T. Tiago, Gen. M. Alvarez, Cavite under Certificate of Title No. T-1160188 with Tax Declaration No. AA 07-07-0025-00054- Land and Tax Declaration No. AA 07-0025-00052- bldg., a real property with improvements situated at Block 6 Lot 13, Brgy. T. Tiago, Gen M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title no. T-1130633 with Tax Declaration No. AA07-0025-00057-land and Tax Declaration No. AA 07-0025-00052-bldg, a real property with improvements (house and lot) situated at Block 12 Lot 5, Brgy. San Jose, Gen. M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title no. T-1077788 with Tax Declaration No. AA -07-0024-00499 –Land Tax Declaration No. AA-07-0024-00500- bldg., a real property with improvements situated at Block 12 Lot 4, Brgy. San Jose, Gen. M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title no. T1160189 with Tax Declaration No. AA -07-0024-00498 –Land Tax Declaration No. AA-07-0024-00500-bldg., a real property with improvements situated at Block 12 Lot 8, Brgy. San Jose, Gen. M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title No. 057-2014014895 with Tax Declaration No. AA -07-0024-00501 –Land Tax Declaration No. AA-07- 0024-00502-bldg., a real property with improvements situated at Block 12 Lot 1, Brgy. San Jose, Gen. M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title no. 057-2021014327 with Tax Declaration No. AA -07-0024-01110 –Land, a real property with improvements situated at Block 17 Lot 55, Brgy. San Jose, Gen. M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title no. 057- 2021014328 with Tax Declaration No. AA -07-0024-00635 –Land Tax Declaration No. AA-07-0024-00636-bldg., a real property with improvements situated at Block 17 Lot 12, Brgy. San Jose, Gen. M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title no. 057-2022065982, a real property with improvements situated at Block 18 Lot 62, Brgy. San Jose, Gen. M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title no. 057-2016067805 with Tax Declaration No. AA -07-0024-00248 –Land Tax Declaration No. AA-07- 0024-00249-bldg., a real property with improvements situated at Block 11 Lot 58, Brgy. San Jose, Gen. M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title no. T-1035920 with Tax Declaration No. AA -07-0024-00323 –Land Tax Declaration No. AA-07-0024-00324-bldg., a real property with improvements situated at Block 6 Lot 84, Brgy. Tiago, Gen. M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title no. 057-2011002993 with Tax Declaration No. AA -07-0025-00363 –Land Tax Declaration No. AA-07- 0025-00058-bldg., and a real property with improvements situated at Block 17 Lot 4, Brgy. San Jose, Gen. M. Alvarez, Cavite under Transfer Certificate of Title no. 057-2023052744, were Extra-Judicially Settled among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed on 8 th day of November 2023 and ratified before Notary Public Atty. Fe B. Añonuevo, under Doc. No. 216, Page no. 44, Book no. 157, Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 6, 13 & 20, 2023**

## DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF GUILLERMO M. QUIJANO

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **GUILLERMO M. QUIJANO** Who Died on February 13, 2009 at purok Rosas, brgy.Buenaflor, tacurong city, sultan kudarat Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-113311, Situated in Santo Toribio, Lipa, Batangas Containing an area of ( 22, 962 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO Under DOC. No. 175 Page No. 35 Book No. 157 Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 6, 13 & 20, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON PELAGIA C. APAGALANG WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late spouses **PELAGIA CUADRA APAGALANG,** Died on February 05, 2021 at De LaSalle, DR. Rodolfo poblete memorial hospital, Alfonso, cavite, Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. AA- 01-0016-02193 Situated in brgy. Luksuhin Ibaba, Municipality of Alfonso, cavite (2,875) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs. Executed before notary public atty. Elpidio M. Paligutan, Under DOC. No. 342 Page No. 70 Book No. III Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 13, 20 & 27, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION WITH SALE ( PORTION )

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **GERONIMA BADLIS DIMAPILIS,** Who Died on March 07, 1974 at Alfonso, cavite Left a parcel of Land described as follows: technical Description North: (NE) 02 ( Lot No. 2476 ) east : (SE) creek south (SW) 20 ( Lot No. 2492-part ) west: (NW) 18 ( Lot No. 2491 ) Containing an area of ( 2,847 ) SQM. Portion of ( 6,908 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among Legal heirs, Executed before notary public atty. Gabriel B. Octava Under DOC. No. 28 Page No. 6 Book No. XXVI Series of 2023 Notarized Date:November 07, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 6, 13 & 20, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH SPECIAL POWER OF ATTORNEY

Notice is hereby Given that **ESTER FABIANA J. UNABIA** is the widow of the Deceased **MANUEL UNABIA.** Who Died on March 23, 2013 in silang, cavite that **ESTER FABIANA J. UNABIA, LEONILA J. UNABIA, ARSENIO J. UNABIA, SOCORRO U. SAPUTIL and EFIFANIA U. FRANCISCO** appoint and constitute **JOELITO A. GENEROSO** to be the true and lawful attorney-in- fact, that **ESTER FABIANA J. UNABIA** was the registered owner of a certain parcel of Land with OCT No. 4535, with free patent No. 023182 Containing an area of (30,706) SQM. Situated in brgy. Adlas, silang, cavite Executed before notary public atty. Eliseo S. Calma jr. Under DOC. No. 201 Page No. 81 Book No. X Series of 2020 Notarized Date: October 06 2020

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 13, 20 & 27, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION BY SOLE HEIR OF AURORA CADIZ CORTEZ WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the deceased **AURORA CADIZ CORTEZ,** who declared presumptively death on July 20, 2011. with final and executory by judge Domingo D.Diamante of RTL sixth judicial region branch 67 Guimbal iloilo. Left a parcel of Land covered transfer certificate of TITLE No. T-404365 Located at Blk. 21 Lot 36 white Gardenia st. Brgy. Lapidario, trece Martinez city, cavite (150)SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs, Executed before notary public atty. ELPIDIO M. PALIGUTAN Under DOC.No.239 Page No. 49 Book No. IV Series of 2023 Notarized Date: October 11, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 13, 20 & 27, 2023**

# “Baddest” anti-gov't propaganda?

ITO ang paniniwala ni USec Sir Paul Gutierrez, executive director ng Presidential Task Force on Media Security (PTFoMS) sa walang basehang banat ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP).

E nakakairita nga itong sinabi ni NUJP Prez Ms. Ronalyn Olea na mayroon na raw more than 100 journalist ang naging victims ng karahasan sa isang TV interview noong Nov. 7 sa mahigit na isang taong Marcos administration.

E kailan, saan, sino-sino ang mga media persons na nakaranas ng pag-atake, panggigipit o karahasan, tanong ni USec Gutierrez.

E sa rekord ng PTFoMS, lima pa lamang ang opisyal na naitalang biktima ng karahasan, dito, apat (4) ang napatay, at isa ang nakalibre at buhay.

Pinakahuli nga itong kaso ng pagpatay kay Misamis Occidental radio broadcaster, Juan 'DJ Johnny Walker' Jumalon na patuloy pa ang imbestigasyon sa kaso.

Kung ang pagsasampa ng kasong libel at cyberlibel ang tinutukoy ni Olea na harassment o karahasan sa media, paliwanag ni Sir Paul, karapatan ng sinoman na



**Usec Sir Paul Gutierrez**

magdemanda kung sa paniwala ng isang tao siya ay siniraan ng puri at pagkatao.

Kung totoo ang claim ng NUJP, ibigay ang datos, information sa kanya, sa PTFoMS o sa pulisya o magsampa ng kaso at patunayan nang mausig at maparusahan ang mga salarin, sabi ni Sir Paul.

Kaso, sinasarili lang ni Olea at kahit na ito ay nire-request na ilantad sa publiko, vewry quiet ang NUJP na originally pala, unang kasapi ng PTFoMS na bigla, na walang ibinigay na dahilan, kumalas, umayaw sa ahensiyang hawak ni USec Gutierrez.

Paano makatutulong ang PTFoMS kung sasarilinin ng NUJP ang nalalaman nitong mga aktibidad laban sa kalayaan sa pamamahayag at pagpapahayag at ang pasesekreto ng sinasabing data o impormasyon, ito ay maglalagay sa peligro ng mga sinasabing biktima ng karahasan.

"And while we encourage anyone to denounce any incident of media killing or any senseless killing for that matter, to deliberately omit the effort exerted by the government to solve them is telling only half of the story. This is journalism at its baddest as it smacks of anti-government propaganda," sabi USec. Gutierrez.

Nagpaalaala si Sir Paul kay Olea na ilantad na, ibigay na audit report ng perang kinolekta ng NUJP para raw sa pamilya ng Maguindanao massacre na sa Nob. 13, bale 14 years na ang nakalilpas.

Sa karumaldumal na masaker na ito, 32 journalist ang pinatay sa 59 biktima.

Milyonyones pesos ang nakolekta ng NUJP mula sa local and foriegn donors pero hanggang ngayon, after 14 years, walang tuos-tuos, no accounting na ibinigay ang NUJP sa kung paano ginastos ang pera.

Hahaha, parang MOOE at extraordinary expenses ng mga congressman at senador



## REVANZE

**by Domz B. CAOILE**

na walang COA audit report at certification lamang at solved na, ayos na.

Komo private organizattion ang NUJP, dapat lamang na ipakita sa madla, lalo na sa pamilya ng massacre victims kung may natira pa sa milyon-milyong collection kuno para itulong sa bikitma ng masaker.

Sabi ni Sir Paul tanging ang National Press Club of the Philippines (NPC) ang nakapagsumite sa PTFoMS ng accounting sa nakolektang pera noon pang 2018.

NUJP, pakiusap, ibigay na, buksan na ang libro de cuenta ng milyones ng massacre victims.

Hindi nyo pera yan.

@@@

HINDI raw totoo na walang nang unity team nina PBBM at VP Sara,


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 7 | 10.00 | NOVEMBER 13 - 19, 2023


buo pa raw ito, sabi ng kapatid sa media, ACT-CIS Rep. Erwin Tulfo at hinbdi rin dawq totoo na ipa-i-impeach ang bise-presidente.

Unity pa rin ang ginagawa ni Speaker Ferdinand Martin Romualdez, at sabi niya, "no such thing as unity against the Vice President."

Kung unity, baket patuloy ang pag-upak kay Inday Sara, at ang Kamatayan bloc, sige pa rin sa pag-uusig kay VP, at kung totoo, bakit kaalyado ni Speaker sina France Castro at Raul Manuel at iba pang maka-komunistang Joma Sison?

Hindi magsasalita si Sen. Imee Marcos na kahit siya lang ang maiwan, hinding-hindi niya iiwan si Tatay Digong at ang BFF niyang si Inday Sara at ang tinanggal na Deputy Speaker na si Lola Gloria Arroyo.

Pasimple pang binanatan ng pamangkin niyang si Ilocos Norte Sandro Marcos si Taty Digong na kuno ay nagpapakalat ng malisyosong kuwento na bulok daw ang House of Representatives.

Ayun, naupakan tuloy na walang utang na loob si Sandro kasi kinalimutan na si Lolo Duterte ang matapang na presidente na nagpalibing sa kanyang Lolo Apo Lakay Marcos sa Libingan ng mga Bayani.

Dati si VP Sara ang nagpo-proxy sa mga okasyong di makaka-attend si PBBM, pero ngayon, si pinsang Speaker ang kasama at kabuntot ni Dayunyor, anyare!?

Sa mga tinatanong ko, all ay nagsabi, wala na, wasak na ang Unity Team.

Ayaw ko namang maniwalang weak nga ang nasa Malakanyang.

Magmensahe sa domzcaoile@yahoo.com





**GC Technik Armoring Industries: 100 Certified European Technology!!**

We ARMOR / BULLETPROOF all types of vehicles using EUROPEAN TECHNOLOGY including Parts Repair and Upgrade!

Trusted and Tested by the VIPs and Government Personnel
Clear Ballistic Glass Without Distortion
Lightweight Ballistic Materials
Military Specifications
40% lighter than the competition
Certified Armoring Company

Recognized and Awarded in Europe for Quality and Technology
We also install Bulletproof Glass and Ballistic Panels on Private and Commercial Spaces, Buildings, Houses, Frigates, Boats, and all areas that needs protection.

MESSAGE us for faster transaction! SMS/TEXT/VIBER 09075137923

Lot 5628 CGcTechnik Bldg., Ilaya proper. Vermosa Lone Pasong Buaya 2, Imus City, Cavite, Philippines

Be safe get Armored!!